


GUMAWA NG ESPASYONG MAY MAS MALINIS NA HANGIN

**ANG PANANATILI SA LOOB AT PAGSASARA
NG MGA BINTANA AT PINTO ANG
PINAKAMAHUSAY NA PARAAN PARA
MAPROTEKTAHAN ANG IYONG KALUSUGAN.**




Bumili ng air purifier na hindi nagpo-produce ng ozone (high efficiency particulate air, HEPA) para makagawa ng kuwartong may mas malinis na hangin, o ng Minimum na Halaga ng Pag-uulat ng Kahusayan (Minimum Efficiency Reporting Value, MERV) na 13 pataas na filter para sa iyong system para sa HVAC.

Kapag napakatindi ng init at makapal ang usok, panatilihing malamig ang hangin sa loob o gumamit ng mga bentilador.



Dapat makipag-usap sa kanilang mga doktor ang mga indibidwal na may mga kondisyon sa kalusugan para sa pagbuo ng personal na plano para sa usok.

Kung hindi mo ganap na maisasara ang iyong bahay, tukuyin ang mga lokasyon sa iyong komunidad na may mga espasyong may mas malinis na nasala nang hangin gaya ng:



- mga cooling center
- mga indoor na shopping mall
- mga lokal na aklatan
- mga community center
- mga civic center
- mga gusali ng lokal na pamahalaan



Ang mga mask ay hindi pamalit sa pananatili sa loob at sakto dapat ang fit ng mga ito para sa pinakamahasay na proteksyon. Kung hindi makakapunta sa isang center na may mas malinis na hangin o cooling center, maaaring makatulong sa mga kailangang matagal na manatili sa labas na gumamit ng N95 mask na may saktong fit upang mabawasan ang kanilang pagkakalantad.



Bay Area Air District